Recology Vallejo WASTE ZERO

# Vallejo Waste Zero Ways

2025 PAMBALITANG PAHAYAGAN NG TAGSIBOL

## Gawing mas mabuting lugar ang ating planeta

Isa sa pinakaepektibong paraan upang makatulong sa kalusugan ng ating planeta ay ang pagsunod sa mga napapanatiling gawi gaya ng **limang R: tanggihan (refuse), bawasan (reduce), muling gamitin (reuse), i-recycle (recycle), at pabulukin (rot)**.

### ANG EARTH DAY AY TUWING ABRIL 22

Igalang si Inang Kalikasan araw-araw sa pamamagitan ng pangakong iwasan ang pag-aaksaya.

Ang muling paggamit ay isang simple ngunit makabuluhang estratehiya. Ang pag-repurpose ng mga lalagyan, kasuotan, at muwebles ay nakatutulong upang hindi ito mapunta sa tambakan ng basura at nakababawas sa pangangailangan para sa mga proseso ng paggawa na kumokonsumo ng maraming likas na yaman.

Ano ang maaari mong gawin? Palitan ang produktong pang-isahang gamit ng maaaring gamitin muli. Mag-isip nang pangmatagalan sa bawat binibili mo. Kailangan mo ba ito? Gaano mo ito katagal magagamit? Subukang ayusin ang isang bagay bago ito itapon. I-donate ang mga gamit na maayos pa kaysa itapon kaagad.

### WHATBIN.COM

Ang pagre-recycle ay nakakatipid ng mahahalagang yaman tulad ng tubig at mga puno, at nakababawas sa paggamit ng enerhiya. Ang mga materyales tulad ng papel, salamin, at ilang uri ng metal at plastik ay muling pinoproseso upang maging bagong mga produkto. Tumatanggap ang Recology ng iba't ibang uri ng materyales para sa pagre-recycle.

Ang website ng Recology na**whatbin.com** ay isang mahusay na kasangkapan upang malaman, nang walang alinlangan, kung ano ang nararapat sa bawat basurahan.

### MGA BUKIRIN, HINDI TAMBAKAN

Sa pakikilahok sa curbside collection para sa composting, naiiwasan mong mapunta sa tambakan ng basura ang mga tirang pagkain, mga pinutol na damo o halaman, at mga papel na nadumihan ng pagkain, na siyang nakababawas sa mga methane emission, isang malakas na greenhouse gas.

Kinokolekta ng Recology ang mga ito at ginagawang compost na mayaman sa sustansya, na ginagamit upang mapataba ang lupa sa mga lokal na bukirin. Sa ganitong paraan, ang composting ay tumutulong na wakasan ang siklo ng produksyon ng pagkain, na isang epektibong paraan upang maibalik ang mahahalagang nutrisyon sa lupa at isulong ang malusog na mga ekosistema.

Kumuha ng Recology compost para sa iyong bakuran sa 2021 Broadway, mula 8 AM – 3:30 PM, Huwebes hanggang Sabado. Limitado sa 2 bag bawat tao habang may suplay.

Ang muling paggamit, pagre-recycle, at composting ay mga makapangyarihang paraan upang kumilos at makagawa ng positibong pagbabago para sa planeta. Maligayang Araw ng Kalikasan! ■

TINGNAN ANG PAHINA 2 PARA SA MGA TIP SA TAMANG PAG-RECYCLE →

## LINISIN ANG KALAT NANG *libre*




**Gamitin ang iyong taunang Dump Coupon** o **isa sa apat mong libreng Bulky Item Pickups** upang alisin ang malalaki o mabibigat na bagay na hindi kasya sa mga basurahan mo.

Ang Dump Coupon, na dapat ay natanggap mo sa pamamagitan ng koreo, ay maaari lamang gamitin nang isang beses sa Devlin Road Transfer Station hanggang sa katapusan ng taon. Maaari kang magdala ng isang buhos ng basura na hindi lalampas sa 1,000 libra. Ang orihinal na kupon ay kailangang ipakita kasama ng isang ID na tumutugma sa address ng iyong Recology account.

Ang Bulky Item Pickup para sa isang tahanang may isang pamilya ay katumbas ng 2 cubic yards (3ft x 3ft x 6ft): humigit-kumulang 12 na 32-gallon na bag ng basura ***at*** 3 malalaking bagay gaya ng muwebles, kutson, o refrigerator. May karampatang bayad sa pagtanggal ng Freon. Mag-iskedyul ng pickup sa pamamagitan ng pagtawag sa **707.552.3110** o pag-email sa **vallejocustomerservice@recology.com**.

## ALAM mo ba?

### ANG MGA TAKIP NG PLASTIK NA BOTE AY MAAARING I-RECYCLE!



Kapag wala nang laman ang bote, ibalik ang takip at ilagay sa iyong asul na basurahan.

Kailangang nakakabit ang takip sa bote upang ma-recycle ito kung hindi, nahuhulog ito sa mga sorting machine at nauuwi sa tambakan ng basura.

### ANG DUMI NG ALAGANG HAYOP AY NAPUPUNTA SA BASURAHANG PANGTAMBAKAN

Ang dumi ng ating mga pusa at aso ay maaaring maglaman ng mga mapanganib na parasito at bakterya. Kapag na-flush sa kubeta o kinompost, maaaring mapunta ito sa ating mga daluyan ng tubig o sistema ng pagkain. At walang may gusto niyan.



Pakilagay ang dumi ng alagang hayop sa gray bin, kasama na ang kitty litter na maaaring may tatak na "flushable."

### ANG MGA COMPOSTABLE NA PLASTIK AY HINDI

Ang mga compostable na plastik ay ibinebenta bilang berdeng alternatibo sa karaniwang plastik. Dapat ay nabubulok ito at nagiging compost. Gayunman, sa kasalukuyan ay wala pa tayong sapat na pasilidad para tuluyang mabulok ang mga ito.



Hindi rin ito maaaring i-recycle dahil hindi ito tunay na plastik at hindi dapat ihalo sa mga plastic recyclables. Pakilagay ito sa basurahang pangtambakan. Mas mabuting gumamit na lamang ng mga reusable na lalagyan at kubyertos.

### MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA TAMBAKAN NG BASURA

**Kapag ang basura ay napunta sa tambakan, wala nang pagbubukod-bukod na mangyayari.**

Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na ihiwalay ang mga nare-recycle, tirang pagkain at ibang mga compostable, at mapanganib na basura mula sa gray bin. May limitasyon ang kapasidad ng mga tambakan ng basura at kapag napuno, kailangan pang humanap ng bagong lugar para rito.

Ang pagtatapon ng mga nare-recycle sa tambakan ng basura ay pagsasayang ng maraming materyales na maaaring gamitin para sa mga panibagong produkto.

Ang pagtatapon ng mga tirang pagkain, mga pinutol na halaman, at iba pang mga compostable sa tambakan ay nagpapataas ng pagbuga ng mapaminsalang mga gas tulad ng methane.

Ang pagtatapon ng mga mapanganib na materyales tulad ng pintura, solvent, at baterya sa tambakan ay maaaring magdulot ng sunog at maglabas ng nakalalasong kemikal sa hangin.

Pagbukod-bukurin ang iyong mga itinatapon upang makuha ang buong benepisyo ng pagre-recycle at composting, at makatulong na mapangalagaan ang kapaligiran.

### BERDENGPANLILINLANG

**Ang greenwashing ay kapag nag-aanunsyo ang mga kompanya ng mga kanilang produkto na parang makakalikasan, pero hindi naman talaga**. Maaaring gawin ito gamit ang mga imahe, malabong wika, o mga pahayag na layunin sa negosyo na hindi naman natutupad.

Maaaring gumamit ang mga negosyo ng kulay berde, larawan ng mga halaman o puno, o ng mga salita na tulad ng "all-natural" upang makaakit sa mga mamimiling makakalikasan. Minsan, magsasagawa ng mga green practice o produkto ang isang kompanya upang pagtakpan ang mga hindi makakalikasang gawain sa kanilang operasyon.

Mag-research muna at huwag basta maniwala sa mga patalastas. Hindi porke't mukhang eco-friendly ang isang kompanya ay totoo na ito. Suriin kung anong mga materyales ng produkto ang ginamit, at kung saan ito nanggaling, ang iba pang mga produkto ng kompanya at kung maaari ba itong i-recycle, ang emissions nito, at kung may malinaw na sertipikasyon at pamantayan.

**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!**

*Se Habla Español*
*Nagsasalita kami ng Tagalog*

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon